**Wespath Benefits and Investments**
1901 Chestnut Avenue
Glenview, IL 60025-1604
wespath.org

**Dalawang Kilalang United Methodists, Mangunguna sa Dayalogo ukol sa Tapat na Pamamahala**

Ikinagagalak na ipinapahayag ng Wespath ang pagiging parte nila Reverend Laura B. Kigweba at Reverend Neal Christie sa Wespath, sila ay susuporta sa gawain ng ahensya sa pakikipag-ugnayan sa pandaigdigang United Methodist Church (UMC) sa mga pag-uusap tungkol sa tapat at responsableng pangangasiwa ng salapi at mga kaloob at yaman na ipinagkatiwala ng Diyos.

Si Rev. Kigweba ay isang provisional elder sa Baltimore-Washington Conference at isang manlilingkod ng UMC, sa mahigit na sampung taon. Dati rin siyang nanilbihan bilang direktor ng grassroots organizing sa General Board of Church and Society ng UMC, kung saan malawakan ang kanyang pakikipagtulungan sa iba't ibang lider sa Zimbabwe Episcopal Area, Kenya, at Pilipinas sa pagsusulong ng adbokasiya ng katarungan para sa klima at kalikasan. Si Rev. Kigweba ay naging parte ng Wespath noong Enero bilang Manager of Sustainable Investment Stewardship and Church Relations.

Si Rev. Christie ay isang ordained elder na may full membership sa Greater New Jersey Conference at affiliate membership sa Baltimore–Washington Conference. Mahigit tatlumpu't limang (35) taon na siyang naglilingkod sa UMC, kapwa sa mga lokal na simbahan at bilang bahagi ng conference staff.

Bukod dito, siya rin ay dating senior staff member ng Church and Society bilang punong kurator. Pinangunahan niya ang proseso ng pakikipag-ugnayan ng UMC patungkol sa Revised Social Principles—isang mahalagang gawain sa patuloy na paghubog ng paninindigan ng simbahan sa mga isyung panlipunan. Sa kasalukuyan, magsisilbi si Rev. Christie bilang consultant ng Wespath.

Pormal na kinuha ng Wespath si Rev. Kigweba at nakipag-ugnayan kay Rev. Christie upang higit pang paigtingin ang kakayahan ng ahensya na tumugon sa mga mungkahing natanggap nito noong nakaraang taon.

Noong Setyembre 2025, nagsagawa ang Wespath ng isang pagtitipon na nakatuon sa Paragraph 717—ang bahagi ng The Book of Discipline na naglalahad kung paano dapat mamuhunan ang Wespath at iba pang mga katawan ng United Methodist Church alinsunod sa mga pagpapahalaga ng simbahan.

Ang pagtitipong ito ay idinisenyo bilang panimulang hakbang para sa isang connectional conversation hinggil sa panukalang rebisyon ng Paragraph 717 sa General Conference 2028.

Mula sa mga talakayan kasama ang mga dumalo, dalawang mahalagang bagay ang naging malinaw: dapat manatiling sentral na sanggunian ang Social Principles sa gawaing pamumuhunan ng simbahan, at kinakailangang buksan ng Wespath ang mas malawak na espasyo upang marinig ang mas maraming tinig lalo na mula sa mga komunidad sa labas ng Estados Unidos.

Ang mga tugon na ito ang nag-udyok sa Wespath na pag-aralan kung paano maisasama ang mga ibinahaging mungkahi at muling suriin ang lawak ng gawaing kinakailangang tahakin.

Bukod sa pagbuo ng isang sama-samang proseso na may layong makapagpanukala ng rebisyon sa Paragraph 717 na may malawak na suporta, sinisikap din ngayon ng Wespath na buksan ang isang mas

malawak na pag-uusap kasama ang pandaigdigang United Methodist Church hinggil sa kahulugan ng pagiging tapat na katiwala ng salapi at mga kaloob at yaman, na nakaayon sa Social Principles.

Si Rev. Kigweba at Rev. Christie ay nakapagbibigay ng malalim na kaalaman at karanasan patungkol sa Social Principles na mahalaga sa prosesong ito ng Wespath. Bagama't may karanasan na ang Wespath sa pakikipag-ugnayan sa pandaigdigang UMC kaugnay ng mga usapin sa pamumuhunan at benepisyo, ang pagdaragdag kina Rev. Kigweba at Rev. Christie ay magpapalakas sa kakayahan ng ahensya na magsagawa ng mas masinsinan at makabuluhang pakikipag-ugnayan at pag-uusap sa mga United Methodist sa Africa, Pilipinas, at Europa.

"Ako ay lubos na nagpapasalamat na makasama sina Laura at Neal sa aming team," ito ang pahayag ni Jake Barnett, Managing Director of Sustainable Investment Strategies ng Wespath. "Bitbit nila ang napakayamang karanasan sa kanilang mga tungkulin at tutulungan nila kaming higit na mapakinggan ang mga pananaw, hangarin, at pangangailangan ng mga United Methodist—sa loob at labas ng Estados Unidos."

Dagdag pa niya, "Malaki ang maitutulong ng kanilang mga ugnayan sa iba't ibang panig ng mundo, at naniniwala akong higit pang magiging makabuluhan ang maidaragdag ng kanilang mga ideya, prinsipyo, at walang itinatangi na pananaw sa mga layuning ating maisasakatuparan nang magkakasama."

Kung nais ninyong manatiling updated sa patuloy na pagsisikap ng Wespath na makipag-ugnayan sa UMC hinggil sa pagiging tapat na katiwala; kapwa sa Estados Unidos at sa mga regional conference sa labas nito, maaari kayong mag-sign up upang makatanggap ng mga mensahe na nakatuon sa mga gawaing **ito**.

***Tungkol sa Wespath Benefits and Investments***

*Ang Wespath ay isang not-for-profit na ahensya na higit isang siglo nang naglilingkod sa United Methodist Church. Bilang katuwang ng simbahan, pinamamahalaan ng Wespath ang mga benefit plans at, sa pamamagitan ng mga subsidiary nito kabilang ang Wespath Institutional Investments, namumuhunan ng halos $28 bilyon para sa mahigit 100,000 kalahok at higit 150 institusyon ng United Methodist (base noong Disyembre 31, 2025). Ang Wespath ay naniniwala sa sustainable investing, isang paraan ng pamumuhunan na naghahangad ng positibong epekto sa pinansyal, panlipunan, at pangkalikasan—kasabay ng pagtupad sa mga pagpapahalaga ng United Methodist Church. Isa ito sa pinakamalalaking faith-based pension funds sa buong mundo. Para sa mga balita at update, sundan ang Wespath sa **Facebook**, **Instagram**, **LinkedIn**, at **YouTube**.*